

Ika-3 ng Abril, 2020

Mahal na mga Kawani ng ASD, Mga Mag-aaral, at Mga Pamilya,

Nais kong magpasalamat sa inyong sipag upang makaraos sa linggong ito ng pag-aaral ng mga maraming bagong bagay! Sa isang banda, pakiramdam nito ay parang unang linggo ng pagpasok muli sa paaralan habang ang lahat ay abala sa pagtatrabaho upang mabuo ang kanilang mga kaalaman sa ating bagong pamamaraan ng pagsasagawa ng “paaralan.”

### **Kurikulum at Pagtuturo**

Sa ngayon, ang mga guro sa buong Distrito ay nakakonekta na sa kanilang mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga palatapormang pang- online learning tulad ng Zoom, Canvas, Seesaw, at APEX.

Nag-aalala kami tungkol sa seguridad at kaligtasan ng mga mag mag-aaral at mga kawani habang nasa online, lalo na sa Zoom. Ang isang bagong protokol ay itinatag noong nakaraang linggo kung saan ang mga pagpupulong ng ASD ay may mga paanyaya lamang (are invite only), na nangangahulugang dapat gamitin ng mga mag-aaral at mga kawani ang kanilang ASD password na protektadong account, hindi isang personal. Kapag nagsisimula ang bawat klase sa online, ang mga mag-aaral ay may pahintulot na pumunta sa nakalaang online learning, at ang mga kasangkapan (tools) para sa sesyon ay kontrolado ng host at hindi ng mga kalahok. Muli, dapat mayroon munang pahintulot. Ang mga kontrol na ito ay idinisenyo upang mapanatiling ligtas ang aming mga kawani at mga mag-aaral sa online.

Gayunpaman, kinakailangan ang higit na pagbabantay. Habang ang Zoom, ang kumpanya, ay tumugon sa mga alalahanin sa seguridad, may mga mag-aaral ng ASD na walang mabuting asal na patuloy na ginagambala ang learning environment. Ang pagbabahagi ng mga passwords, pagrerekord ng mga sesyon, pagsasala (filtering) sa media, at pagpapakita ng hindi naaangkop na mga pag-uugali habang nasa klase ng Zoom ay hindi pinahihintulutan. Tutugunan ng ASD ang mga pag-uugaling ito nang naaangkop tulad ng ginagawa natin sa mga maling pag-aasal sa ating mga tradisyunal na silid-aralan. Muli, ang maling pag-aasal sa cyber ay hindi tatanggapin. Hinihikayat namin ang aming mag-aaral na i-channel ang kanilang pagkamalikhain nang produktibo, hindi nakakagambala. Marami pang karagdagang impormasyon tungkol dito para sa mga kawani ang lalabas ng maaga sa susunod ng linggo.

Para sa mga kurso ng ASD, bilang isang pagpapaalala sa aming mga mag-aaral at mga magulang, ang mga paaralan ay hiniling na magturo na nakatuon sa ang mga pangunahing asignatura o core subjects ng Sining ng Wikang Ingles (English Language Arts), at Matematika para sa lahat ng grado, sa unang dalawang linggo, at bukod pa rito ang Agham (Science) at Araling Panlipunan (Social Studies) para sa mga mag-aaral sa mataas na paaralan. Ang mga kursong electives sa mataas na paaralan ay magsisimula sa ika-13 ng Abril. Para sa mga magulang, mga mag-aaral at mga guro, ang aming kolektibong paaralan mula sa bahay ay bago. Masasabi ninyong unti-unti ang aming ginagawang pagtuturo sa edukasyon! Salamat sa pagiging mapagpasensya sa inyong mga inaasahan bagama’t ang pagtuturo at pagtatrabaho mula sa bahay ay mga malalaking gawain na makikihalo sa ating mga buhay. Ang ating mga kawani at mga magulang ay parehong nagtatrabaho upang maintindihan at matanggap ang mga isyu na pambahay at mga hamon na dala ng COVID-19. Makabubuti ang dahan-dahan na pasimula upang mapag-aralan ang mga mahahalagang bagay tungo sa mabilis na pagtagumpay.

Tulad ng ibinahagi dati, dalawa sa aming pangunahing prayoridad para sa natitirang taong-paaralan, ay upang subaybayan ang aming mga seniors na makapagtapos at siguraduhing makakuha ng mga kredito ang lahat ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan. Magbibigay kami ng mga karagdagang gawaing

pang-edukasyon para sa elementarya at mga mag-aaral sa panggitnang paaralan upang mapanatili ang mga ito hanggang muling maibalik ang tradisyonal na pagtuturo sa silid aralan.

Sa buod, ang isa sa mga pinakamaganda sa distance learning ay ang nagtatrabaho ka sa inyong sariling bilis, sa inyong sariling lugar, at sa inyong sariling espasyo! Mga magulang, mangyaring hikayatin ang lahat ng mga mag-aaral na lumahok na may pagtuon. Ang mga guro ay magbibigay ng puna sa pag-aaral ng ating mga mag-aaral.

### **Pagkakapantay (Equity) sa Distance Learning**

Sa aming paglulunsad ng plano ng distance learning, naisip ng ASD na hindi lahat ng mga mag-aaral ay may access sa kompyuter o sa internet. Upang magplano para sa pagkakapantay ng aming mga mag-aaral, gumawa kami ng mga pagsisikap na paliitin ang agwat na ito sa pamamagitan ng pag-iisyu ng mga Chromebook na kompyuter at 750 na Wi-Fi hot spots sa mga mag-aaral sa mataas na paaralan na nagpakilala ng pangangailangan. Tulad ng pagtuturo, pinamamahagi rin namin ang mga aparato sa pagkakasunod-sunod na yugto (in phases). Simula sa susunod na linggo, ipamamahagi namin ang mga Chromebook sa mga mag-aaral sa panggitnang paaralan na nag-bigay alam ng pangangailangan. Upang suportahan ang mga mag-aaral na walang access sa kompyuter o internet sa antas ng elementarya, pana-panahong padadalhan namin kayo ng mga pakete ng yunit sa pag-aaral sa pamamagitan ng koreo, diretso sa inyong mga tahanan. Mangyaring ibahagi ang inyong mga pangangailangan sa inyong mga guro, dahil ito ang magdidirekta ng suporta sa buong distrito.

### **Mga Mag-aaral na may Espesyal na Pangangailangan sa Malayuang Pag-aaral (Distance Learning)**

Mayroon kaming isang malinaw na plano upang matugunan ang mga indibidwal na pangangailangan at nakikipag-ugnayan kami sa mga pamilya upang talakayin ang mga natatanging pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Kinikilala ng ASD ang kakayahang umangkop at pagkamalikhain ay maaaring kailanganin upang mapaunlakan at magawa ang mga indibidwal na pangangailangan, ngunit kami ay nakapangakong tugunan ang mga pangangailangan ng ating mga mag-aaral. Mangyaring alamin ninyo na dahil sa mga pangyayaring hatid ng COVID-19, hindi namin magagawang eksaktong madoble ang mga serbisyong nararanasan ng iyong mga anak sa paaralan, gayunpaman, tinitiyak ko sa inyo na gagawin namin ang aming makakaya upang maibigay ang mga pinakakomprehensibong serbisyo at pinakamagandang karanasan na posible para sa inyong mga anak.

### **Ang Pakikipag-ugnayan ng ASD sa Tugon ng Buong-Komunidad sa COVID-19**

Bagaman ang karamihan sa mga kawani ng ASD ay nagtatrabaho mula sa bahay at sinasanay ang pagdidistansya sa bawat-isa (social distancing), ang ASD ay ganap na nakibahagi at nakikipag-ugnayan sa buong pamayanansa pagtugon sa COVID-19. Para sa katuparan nito, marami sa ating mga kawani ang nagtatrabaho sa harap (frontline), nagbibigay ng pangunahing suporta sa ating pamayanan. Kasama dito ang ating mga nars sa paaralan, mga kawani ng serbisyo sa pagkain, tsuper ng bus, at mga kawani ng pagpapanatili at pangangalaga (maintenance).

Patuloy kaming nagpapatakbo ng 26 na mga nakapirming lugar ng pagpapakain at anim na ruta ng mobil na pagpapakain upang magbigay ng libreng pagkain sa mga mag-aaral ng ASD. Ipinamamahagi namin ang higit sa 10,000 na mga pagkain bawat araw, at tatlong beses na mas marami tuwing Biyernes! Hindi natin ito maisasakatuparan kundi dahil sa ating mga dedikadong kawani ng serbisyo sa pagkain at mga tsuper ng bus.

Animnapu sa ating mga nars ng paaralan ay nagbuboluntaryo para sa iba't-ibang mga mahahalagang gawain sa Kagawaran ng Kalusugan ng Anchorage, sa Municipal Emergency Operations Center, at pagsasagot sa mga tawag sa 2-1-1. Ang ilan ay sinasanay na magtrabaho sa mga mobile testing sites kung kinakailangan.

Ang ASD ay nag-ambag sa mga first responders ng iba't-ibang mga Personal na kagamitan sa Proteksyon (PPE) mula sa ating emergency supply at relocation sites. Kabilang dito ang mga:

- Higit sa 41,000 N95 masks
- 1,300 surgical masks
- Halos 1,800 na mga bote ng hand sanitizer
- Halos 20,000 na mga pares ng gwantes

### **Pangkalahatang Suporta**

Magkakasama tayong lahat sa bagay na ito at ako'y nagtitiwala sa katatagan at determinasyon ng buong pamayanan. Mga magulang, hinihikayat ko kayong gumamit ng pang-unawa at magtakda ng makatotohanang mga hangarin para sa inyong mga anak. Mga mag-aaral, mangyaring tandaan na ang karamihan sa mga magulang ay hindi propesyonal na mga guro, at kailangan din nila ng pang-unawa. Gawin ninyo ang lahat ng inyong makakaya at makipag-ugnayan sa inyong mga guro o tagapayo kung kailangan ninyo ng tulong.

Ang mga guro ng ASD ay iniisip ang pinakamabuti para sa inyo. Naniniwala ako sa ating mga guro na nagtatrabaho upang magkaroon ng pag-aaral sa inyong mga tahanan at sa mga tahanan ng ating mga guro, sa loob lamang ng dalawang linggo. Tayo ay lokal, tayo ay personal, at kilala natin ang inyong mga anak. Kung hindi maibigay ng inyong paaralan ang pang-akademikong suporta na inyong kailangan, ang ASD ay lumikha ng bagong paraan ng mapagkukunan para sa pangbuong- lunsod na koordinasyon —ang **Student and Family Wellness Initiative**. Ito ay one- stop na pag-access sa mga napagsama-samang pagkukunan sa panahong ito ng pandemya. Kung kayo ay may mga kailangan, magtatrabaho kami sa loob ng aming kakayahan gayun din ang ating mga kabalikat sa pamayanan upang suportahan ito!

### **PARA SA ANUMANG SUPORTA, TAWAGAN ang 742-HELP (742-4357)**

Pang huli, sa katapusan ng linggong ito, pina-aalalahanan ko ang lahat —mga guro, mga kawaning pangsuporta, magulang, mga mag-aaral, at ang ating pamayanan —huminga nang malalim, magpahingalay o magrelaks, at tandaan na ang mga pinakamahalagang prayoridad ay ang kalusugan at kaligtasan nating lahat! Ang pagpili na magtagumpay ay dapat nating gawin.

Taos puso,

Deena M. Bishop, Ed.D.  
Superintendente